**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VIII, Issue I**
**August 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

# INTEGRATIBONG PAGTATASA SA PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL SA BAITANG SIYAM SA MGA MAKRONG KASANAYAN SA FILIPINO

**BENJAMIN ISRAEL A. MONTEALEGRE**
**Teacher II**
Manuel A. Roxas High School
benjaminisrael.montealegre@deped.gov.ph

**ABSTRAK**

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang bisa ng integratibong pagtatasa sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang Siyam sa MATAAS NA PAARALANG MANUEL A. ROXAS, MAYNILA. Ang pag-aaral na ito ay kombinasyon ng kuwantitatibo at kuwalitatibo o tinatawag din na *mixed-method approach* na binubuo ng talatanungan o sarbey at panayam upang masukat ang epekto ng pagtatasa sa mga makrong kasanayan gaya ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat, at panonood sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa baitang siyam sa asignaturang Filipino. Lumabas sa resulta ng pag-aaral na ang mga guro ay aktibong gumagamit ng mga umiiral na pamamaraan ng integratibong pagtatasa (Overall Mean = 4.08), partikular ang mga project and performance-based tasks. Pinakamataas ang epekto nito sa pagbasa (M=4.14) at pagsasalita (M=4.09), samantalang nanatiling positibo ngunit mababa ang mean sa pakikinig (M=4.00). Natukoy din na nakatutulong ang pagtatasa sa pagkilala at paglinang ng mga kasanayang hindi gaanong nalinang o least mastered skills tulad ng gramatika at husay sa paggamit ng wika (fluency) sa tulong ng puna ng guro o feedbacking at paggabay sa pagkatuto o scaffolding mula sa guro. Gayunman, lumitaw din

****************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

ang mga hamon tulad ng kakulangan sa oras, kagamitan, at pangangailangang indibidwal na paggabay. Ipinakita rin ng mga panayam na higit na nagiging makabuluhan ang pagkatuto kapag ang gawain ay nakaangkla o nakaugnay sa tunay na pangyayari sa buhay at karanasan ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, pinatutunayan ng pag-aaral na ito na ang integratibong pagtatasa ay hindi lamang panukat at pamantayan nang pagkatuto kundi mabisang estratehiya para sa mas malalim, makabuluhan at kolaboratibong paglinang at pagpapaunlad ng kasanayan sa asignaturang Filipino na nangangailangan ng sapat na suporta at inobasyon mula sa mga guro at institusyon.

**Mga Susing Salita:** *Estratehiya, Inobasyon, Integratibo, Kasanayan, Karanasan, Paglinang, Pagtatasa*

## PANIMULA

Sa kasalukuyan patuloy na lumalago ang lawak ng kaalaman ng mga mag-aaral dahil sa pagkakaroon ng mabisang proseso ng pagkatuto at pagtututuro. Mabilis nilang natututuhan at nauunawaan ang mga paksang-aralin batay sa kanilang sariling kaalaman, pagtuklas ng mga bagong ideya mula sa mga karanasan, paraan ng pamumuhay, at pakikipag-ugnayan sa kapuwa. Umuunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral kasabay ng pagpapaunlad ng sistema ng edukasyon sa pagtugon sa mga kasanayang nakaakibat sa kurikulum. Dumarami ang katawagan sa pagpapatupad ng kurikulum (*online, modular, blended, limited to expanded*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*face to face).* Malaking bahagi ito upang matamo ang layunin gamit ang iba't ibang midyum sa proseso ng pagkatuto.

Ayon sa pag-aaral ni De Leon (2019), mabilis na pumapailanlang ang salitang globalisadong lipunan na simbilis din ng mga pagtuklas sa mga makabagong makinarya, industriya, iba't ibang larangan at kalakaran ng pamumuhay gamit ang siyensyang kinasasangkutan ng impormasyon at teknolohiya. Lahat ay nagbabago at kailangang umakma sa isyu ng pagpapaunlad sa anumang larangan at partikular sa pagyabong ng edukasyon. Gamit ang internet at mga midya elektronikong impormasyon, nahahasa ang intelektuwal at kakayahan ng mga mag-aaral sa mga makrong kasanayan at abilidad ng guro sa proseso ng pagtuturo sa pag-usbong ng modernong panahon. Nakatutuklas at nakabubuo ang mga dalubhasa sa edukasyon ng mga bagong konsepto, ideya at solusyon na tutugon sa pagkatuto ng mag-aaral batay sa pagbasa, pagsulat, pagsasalita, pakikinig at panonood na ipinapatupad ng kurikulum.

Ang bawat mag-aaral ay nagtataglay ng angking husay, talento, abilidad at kakayahan na may kaugnayan sa mga makrong kasanayan sa kurikulum sa Filipino at nalilinang pa ang mga ito sa sariling pagtuklas ng mga bagong ideya at konsepto na nakatuon sa kanilang sariling pagganap. Ang wikang Filipino ay gumaganap bilang pangunahing kasangkapan sa pakikipagkomunikasyon. Nagagamit sa isang diskurso para sa maayos argumento gamit ang mga makrong kasanayan tulad ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood. Ito ang mga batayang pang-akademiko sa pagtamo ng mga kasanayang akademiko.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Ang antas ng talakayan sa Filipino sa mga paaralang sekondarya at partikular sa Baitang Siyam ay lumalawak nang higit sa mga pangunahing prinsipyo at napapaunlad sa pagkakaroon ng pagtalakay sa mga isyung panlipunan. Ang pagtuturo ngayon ay nangangailangan ng masusing pampanitikang pagsusuri ng mga maikling kwento, nobela, sanaysay, tula at ibang akdang pampanitikan. Ang pagbuo ng kritikal na pag-iisip kasabay ng pagsusuri ng teksto sa pagbasa at mga kakayahan sa malikhaing pagsulat ay nagaganap nang magkasabay. (Padayon Wikang Filipino, 2024; Aguas et al., 2024).

Ang kurikulum sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Baitang Siyam ay kailangang maghatid ng tatlong mahahalagang elemento (1) mga layunin o kasanayan (2) mga nilalaman at (3) mga pamamaraan upang makamit ang mga epektibong resulta. Ginagamit ng mga guro ang mga lesson plan o banghay-aralin bilang mga gabay at direksyong pang-edukasyon na tumutulong sa kanila na bumuo ng mga makabuluhang aralin para sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral na nagpapaunlad sa kanilang kasanayan. Ang detalyadong layout ng kurikulum ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na bumuo ng mga nilalayon na kakayahan at kaalaman bawat linggo. (Castillo et al., 2021). Bukod dito, ang paggamit ng mga pantulong sa pagtuturo kasama ng mga module, *worksheets* at suplemental na gawain ay sumusuporta sa mga mag-aaral sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pag-aaral ng wika at panitikan. Sa pamamagitan nito, ang pagpapaunlad ng sariling kakayahan ng mga mag-aaral ay nakapokus sa pagtamo ng mga bagay na may kinalaman sa kanilang sarili, karanasan, mga nakakasama at kapuwa. Ang mga ito ay naghahatid ng kabisaan sa mga mag-aaral habang gumagamit ng mga aktibidad o gawain na pang-edukasyon na tumutulong na palaguin ang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

kanilang mga kakayahan sa wika at kaalaman sa panitikan at ang kanilang pakikinig at tiyak na kakayahan sa wika at ang kanilang potensyal sa pagsulat. (DepEd Tambayan, 2021).

Ang *integrative assessment* o integratibong pagtatasa sa Baitang Siyam ay paraan sa pagtamo ng mga kasanayan sa pamamagitan ng sariling kakayahan na nakaugnay sa sariling karanasan, lawak ng kaalaman at interaksiyon sa kapuwa. Ito gumaganap bilang isang pangunahing instrumento sa pagtatasa at ebalwasyon ng kanilang natutuhan sa mga paksang aralin at nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na bumuo ng malalim na kasanayan sa wika at kaalamang pampanitikan.  Ang mga angkop na teknik, estratehiya at dulog ay mga paraan ng epektibong pagtuturo. Ang sistematikong pagtuturo ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magkaroon ng kongkreto at kritikal na kakayahan sa pagbasa at pagsulat sa Filipino.

**Saligan ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa mga ideyang pedagohikal na sumusuporta sa pinagsama-samang pagsusuri bilang isang kapaki-pakinabang na instrumento sa pagpapalalim ng pagkatuto ng Filipino. Kaugnay nito, nakatutulong ang pag-aaral sa pagpapalalim ng ng pag-unawa, pagpapahusay sa pakikipag-komunikasyon at daan sa makabuluhang pagkatuto ng mag-aaral. Mapapabuti ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang makipag-usap at ipahayag ang kanilang mga ideya sa pamamagitan ng panonood, pagsusulat, pagsasalita, pakikinig, pagbabasa bilang karagdagan sa pagsusulat gamit ang mga anyo ng integratibong pagtatasa tulad ng spoken poetry, pagsulat o pagsuri ng tula at pagkakaron ng kolaboratibong gawain o pangkatang gawain. Ang mga mag-aaral

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

****************************************************************************************************

ay maaaring gumawa ng mga koneksyon o ugnayan at integrasyon sa pagitan ng iba't ibang mga disiplina upang makakuha ng mas malalim na pag-unawa at pagkatuto. Ang mga guro ay maaaring bumuo ng mas mahusay na mga teknik at estratehiya sa epektibong proseso ng pagkatuto at pagtuturo.

Sinusuri ng pag-aaral kung paano naaapektuhan ng *integrative assessment* o integratibong pagtatasa ang kakayahan sa pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 9. Sinusuri rin ng pag-aaral ang mga instrumento sa pagtatasa na ginamit sa pagtuturo ng paksa at aralin sa Filipino, tinataya kung paano nakakaapekto ang mga ito sa pag-unlad sa paggamit ng wika. Binibilang ang mga isyung kinakaharap ng mga guro at mag-aaral sa pagbibigay ng mga pagsusulit na ito. Ang saklaw ng pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng kasanayan sa Filipino ng mga mag-aaral sa isang partikular na paaralan. Limitado lamang ito sa implementasyon ng integratibong pagsusuri sa mga silid-aralan ng Filipino sa Baitang Siyam, at hindi sumasaklaw sa iba pang antas ng baitang, iba pang asignaturang akademiko, o iba pang aspeto ng pagkatuto. Ang mga kinalabasan ng pangangalap at pagsusuri ng datos ay inaasahang magiging mahalagang batayan sa pagbuo ng mga plano at estratehiya upang higit pang mapahusay at ma-optimize ang epekto ng integratibong pagsusuri sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay naaangkop sa bawat aspeto ng mga sistemang pang-edukasyon. Ang mga guro ay maaaring pumili ng mahusay na mga pamamaraan na nagpapabuti sa kanilang kakayahan sa silid-aralan sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan ng pagtatasa. Malilinang ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga kasanayang

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

pang-akademiko at mapapalawak nang higit ang kasanayan at pagkatuto sa wika at panitikan. Ang kalidad ng pagtuturo sa asignaturang Filipino sa mga paaralan ay mapapanday pa lalo ng mga patakarang pang-edukasyon at mga inisyatibo na nilikha gamit ang mga natuklasan sa pananaliksik. Ang mga resulta na ito ay maaaring magamit bilang isang lunsaran o *springboard* ng iba pang mga pag-aaral upang suriin ang mga teknik at estratehiya sa pagtatasa at pagbutihin ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas sa iba't ibang antas ng edukasyon.

**Batayang Teoretikal**

Ang *Integrative Assessment* o Integratibong Pagtatasa ay nakabatay sa teoryang *Constructivism* ni Jean Piaget (1896-1980) dinisenyo para matasa ang mga natutuhan at mapaunlad ang makrong kasanayan ng mga mag-aaral sa kanilang asignatura. Naipapakita ng mga mag-aaral ang kakayahan sa pagtupad ng mga integratibong gawain sa sariling pamamaraan, pag-unawa, ideya at konsepto na karaniwang nakaugnay sa sariling karanasan, repleksiyon sa sarili at pakikitungo sa kapuwa. Ito ay tinatawag na 'synoptic' na may pokus sa paghihikayat ng mga mag-aaral na bumuo ng kaugnayan sa kanilang intelektuwal na kaalaman o kakayahan at mga natutuhan sa ispesipikong paksa o asignatura. Samakatuwid, ang mga teknik, dulog at estratehiya sa integratibong pagtatasa ay may matibay na pagpapatunay para hubugin ang mga mag-aaral sa mabisa at mataas na pagkatuto sa kritikal/kongkretong pagsusuri, pagsisiyasat at kasanayan tulad ng pagsusulat, pagbabasa, pakikinig, pagsasalita at panonod. Ang kahalagahan ng integratibong pagtatasa ay isang instrumento sa mga mag-aaral na ipakita ang pagkatuto batay sa mga kasanayan sa

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

kurikulum, mga layunin, tunguhin ng programang pang-edukasyon sa mas nauunawaan, mabisa at madaling paraan. Ito ay rin nakapokus sa interes at pagpapaunlad ng kakayahang pangangailangan ng mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.


Ang pananaliksik para sa pag-aaral na ito ay nakabatay sa mga prinsipyong pang-edukasyon na nagpapatunay ng *integrative assessment* bilang isang mabisang pamamaraan sa pagkatuto ng mag-aaral at pagpapaunlad ng mga makrong kasanayan sa Filipino. Ang paglinang ng mga kasanayan sa *macro-language* partikular na ang pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat at panonood ay lubos na nakasalalay sa paggamit ng wika. Ginagamit ng mga mag-aaral ang mga kakayahang ito upang maging epektibong mag-aaral sa pamamagitan ng pinahusay na mga kasanayan sa komunikasyon. (Villanueva et al., 2023)

**Batayang Konseptuwal**

Ang konseptuwal na balangkas ng pag-aaral na ito ay nakasentro sa pag-unawa kung paano nakatulong ang integratibong pagtatasa sa pagpapalawak ng kasanayan sa pag-aaral ng wika at panitikan ng mga mag-aaral sa Baitang Siyam. Ang integratibong pagtatasa ay nakatuon sa pagsusuri ng mga kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood sa Filipino. Sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri ng iba't ibang anyo ng pagsusuri, natukoy kung paano ito nakaapekto sa kabuuang pagkatuto ng mag-aaral.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com





**Pigura 1**

**Konseptuwal na Ilustrasyon ng Integratibong Pagtatasa sa mga Makrong Kasanayan sa Filipino**

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VIII, Issue I**
**August 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*



**Editor-in-Chie...** ...o M. Bautista
**Managing Editor:** ... Nikko C. Panotes

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

**Pigura 2**

**Paradima ng Pag-aaral**

Ang proseso ay kinabibilangan ng pagsusuri sa mga epekto ng integratibong pagtatasa sa bawat kasanayan ng mag-aaral, habang ang output ay nagbigay ng mga rekomendasyon kung paano mapabuti ang implementasyon ng integratibong pagtatasa sa pagtuturo ng Filipino.

Ipinakita sa balangkas na ito ang kabuuang ugnayan ng mga hakbang sa pagtuturo at pagsusuri na may kinalaman sa pagtutok sa pagpapalalim ng kasanayan sa wika ng mag-aaral sa pamamagitan ng mas epektibong paggamit ng integratibong pagtatasa.

Ang mga rekomendasyon mula sa proseso ay nagsilbing gabay para sa mga guro at tagapamahala ng paaralan upang mapabuti ang mga estratehiya sa pagtuturo at pagsusuri sa mga kasanayan sa Filipino.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng bisa ng integratibong pagtatasa sa pagpapalalim ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang Siyam. Layon ng pag-aaral na matukoy kung paano nakakatulong ang integratibong pagtatasa sa pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa mga makrong kasanayan.

1. Ano-ano ang mga umiiral na pamamaraan ng integratibong pagtatasa na ginagamit sa pagtuturo ng Filipino sa Baitang Siyam?

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

2. Paano nakatutulong ang integratibong pagtatasa sa paghubog ng kabuuang kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa:

   2.1 Pakikinig;

   2.2 Pagsasalita;

   2.3 Pagbasa;

   2.4 Pagsulat;

   2.5 Panonood?

3. Ano-ano ang mga pangunahing hamon na kinaharap ng mga mag-aaral at mga guro sa paggamit ng integratibong pagtatasa?

4. Batay sa resulta, anong implikasyon at/o estratehiya ang maaaring ipanukala upang higit pang mapabuti ang implementasyon ng integratibong pagtatasa sa pagkatuto ng mga mag-aaral at pagtuturo ng mga guro sa Filipino?

**Disenyo ng Pananaliksik**

Inilahad at sinuri sa kabanatang ito ang epekto, pamamaraan, instrumentong ginamit at pagpili ng mga tagatugon sa isinagawang pananaliksik. Ang mga ito ay nagsilbing paglilinaw sa mga hakbang na isinagawa at pinagtibay ang kahalagahan at kaugnayan ng pag-aaral. Nakatulong din ang mga ito sa pagpapalakas ng isinagawang pananaliksik.

Sinuri sa pag-aaral na ito ang epekto ng integratibong pagtatasa sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang Siyam gamit ang *descriptive-analytical research approach.* Layunin ng deskriptibong pananaliksik na mailarawan ang umiiral na kalagayan ng pagtuturo

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

at pagtatasa upang mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga gawaing nakabatay sa banghay-aralin, matutukoy ang mga kasanayang hindi pa ganap na nalilinang bilang batayan sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagtuturo.

Ang seksyong analitikal ay nakatutok sa pagsusuri kung paano nakakaapekto ang integratibong pagtatasa sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa mga nabanggit na kasanayan. Kukunin ang mga opinyon ng mga guro at mag-aaral hinggil sa epekto ng integratibong pagtatasa sa kanilang pagkatuto sa anyo ng pakikipanayam. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga datos gamit ang mga istatistikang pamamaraan, matutukoy ang kaugnayan ng mga baryabol ng pag-aaral at kung paano nakatutulong ang integratibong pagtatasa sa pagpapaunlad ng mga kasanayan sa Filipino.

**Pagpili ng mga Tagatugon**

Kasangkot sa pag-aaral na ito ang tatlong daang (300) mag-aaral mula sa Baitang Siyam ng MATAAS NA PAARALANG MANUEL A. ROXAS, Manila sa taong panuruan 2025–2026. Ang mga kalahok ay magmumula sa iba't ibang seksiyon at binubuo ng mga lalaki at babaeng mag-aaral na nasa edad labing-apat hanggang labing-lima (14–15) taong gulang. Kabilang din dito ang sampung (10) guro sa Filipino ng nasabing paaralan.

Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok na may kaugnayan sa pag-aaral. Lumahok din ang mga guro na may sapat na kaalaman at karanasan sa integratibong pagtatasa upang maibahagi ang kanilang pananaw hinggil sa mga pakinabang at balakid nito.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Layunin ng pag-aaral na ang mga nalikom na datos ang naging batayan upang mapahusay ang pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng integratibong pagtatasa.

**Instrumento at Pamamaraan**

Ang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay isang modipikadong sarbey na talatanungan na ginamit upang masukat ang ambag ng integratibong pagtatasa sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat, at panonood. Iniangkop ang talatanungan batay sa suliranin ng pag-aaral at nilagyan ng mga close-ended na tanong gamit ang Likert Scale upang masukat ang saloobin at kahusayan ng mga mag-aaral. Gumamit din ng nakabalangkas na pakikipanayam upang makuha ang pananaw ng mga guro hinggil sa kahalagahan at mga hamon ng integratibong pagtatasa.

Ginamit ang pamamaraan na tinatawag na *mix method* o kombinasyon ng kuwantitatibo at kuwalitatibong pananaliksik upang makuha ang parehong estadistikal na datos at pananaw ng mga kalahok. Ayon kay John W. Creswell 2023, ang kombinasyon ng kuwantitatibong sarbey (quantitative survey) at kuwalitatibong panayam (qualitative interview) ay isang sistematikong pamamaraan upang makabuo ng mas malalim at komprehensibong pag-unawa sa suliranin. Inilahad sa pamamaraang ito kung paano nakatutulong ang integratibong pagtatasa sa paghubog ng kabuuang kasanayan sa mga mag-aaral sa baitang siyam sa asignaturang Filipino.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**Balidasyon ng Instrumento**

Ang talatanungan na ginamit sa pag-aaral ay inangkop mula sa pananaliksik nina Kilaton (2024) at Raymundo (2023). Binago at minodipika ang mga katanungan upang matiyak ang bisa, kawastuhan, at angkop na paggamit ng wika batay sa layunin ng pag-aaral. Inayos at nirebisa rin ang mga bahagi ng sarbey upang mapahusay ang kalinawan at konteksto ng bawat aytem. Isinagawa ang pilot testing sa sampung (10) mag-aaral at guro upang matiyak na naunawaan ang mga tanong at naging wasto ang instrumento.

**Konstruksyon**

Ang kasalukuyang literatura at mga kaugnay na pag-aaral sa pinagsamang pagsusuri ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng talatanungan. Sinukat nito ang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino kaugnay ng apat na makrong kasanayan. Hinati ang instrumento sa tatlong bahagi: *demographic data*, pagsusuri sa integratibong pagtatasa sa silid-aralan, at epekto nito sa pagkatuto. Tiniyak din na malinaw at tuwiran ang mga tanong para sa mga kalahok.

**Hakbang sa Pag-aaral**

Ang mananaliksik ay sumunod sa mga gabay upang matiyak ang mga hakbang sa pag-aaral. Ang mga pamantayang isinagawa ay nagsilbing instrumento ng mga guro sa Filipino sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo sa larangan ng edukasyon. Isinagawa ang mga sumusunod na hakbang:

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

1. Humingi ng pahintulot sa Dibisyon ng Maynila, mula sa opisina ng Chief Education Supervisor, OIC – Office of the Schools Division Superintendent, Nerissa Roxas-Lomeda, CESE at/o ipaalam sa Punongguro ng MANUEL A. ROXAS High School, Dr. Roland Dela Cruz sa pagkalap ng mga datos mula sa mga mag-aaral ng Baitang Siyam at sa mga guro ng Filipino ng MANUEL A. ROXAS High School, Manila
2. Isinagawa ang pagtuturo at pangangalap ng mga gawain ng Baitang 9 na may integratibong pagtatasa sa makrong kasanayan sa Filipino. Matapos makolekta at masuri ang mga pasulat at pampagganap na output, natapos na ang pag-aaral.
3. Ipinamahagi at kinalap ang mga elektronikong talatanungan mula sa mga mag-aaral at guro sa Filipino ng Manuel A. Roxas High School bilang mga tagatugon. Matapos ito, itinuring na ganap nang natapos ang pag-aaral.
4. Inunawa ang mga kasagutan mula sa ibinigay na elektronikong talatanungan para sa isang tiyak at kapaki-pakinabang na pananaliksik.
5. Sinuri ang estatistiko ng mga datos
6. Sinuri at inayos ang presentasyon ng mga datos

**Etika ng Pananaliksik**

Isinaalang-alang ang pag-aaral nang may pagsunod sa etika ng pananaliksik upang mapangalagaan ang karapatan, dignidad, at kapakanan ng mga kalahok, kung saan ang pahintulot ay nakuha at naipaliwanag ang layunin, saklaw, at pamamaraan bago ang pangangalap ng datos, at natapos na ang pag-aaral.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

****************************************************************************************************

Isinagawa ang pag-aaral nang may pagsunod sa etikal na pamantayan. Tiniyak ang boluntaryong paglahok at karapatan ng mga kalahok na umatras anumang oras, kasama ang kanilang kaalaman sa layunin ng pananaliksik sa pamamagitan ng informed consent. Gumamit ng mga code o alyas upang mapanatili ang kompidensiyalidad, at siniguro na ang lahat ng datos ay para lamang sa layuning akademiko. Ipinatupad din ang pag-iwas sa anumang pinsala sa mga kalahok at isinagawa ang pananaliksik nang may paggalang, katapatan, at integridad.

**Estadistika ng Pag-aaral**

Ginamit sa pananaliksik na ito ang iba't ibang estadistikal na pamamaraan upang suriin at bigyang-kahulugan ang mga nakuhang datos. Sa deskriptibong pagsusuri, ginamit ang mean, frequency, at likert scale upang ipakita ang pangkalahatang trend sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang lahat ng estadistikal na pagsusuri ay isasagawa gamit ang Statistical Package for the Social Sciences (SPSS) upang matiyak ang katumpakan at pagiging maaasahan ng mga resulta.

**Mga Pormula na Gagamitin sa Deskriptibong Estadistika**

**1. Mean ($\bar{x}$)**

$$\bar{x} = \frac{\Sigma X}{N}$$

Kung saan:

$\bar{x}$ = mean o karaniwang iskor

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

ΣX = kabuuang bilang ng lahat ng iskor

N = kabuuang bilang ng mga respondente o obserbasyon

**2. Frequency (f)**

Ito ay tumutukoy sa dami o bilang ng mga tugon sa bawat kategorya at ipinapakita sa frequency distribution table.

3. **Likert Scale**

| Iskala | Paglalarawan | Simbolo |
|---|---|---|
| **5** – (4.50 – 5.00) | **Lubos na Sumasang-ayon** | **LS** |
| **4** – (3.50 – 4.49) | **Sumasang-ayon** | **SA** |
| **3** - (2.50 – 2.49) | **Bahagyang Sumasang-ayon** | **BS** |
| **2** – (1.50 – 2.49) | **Hindi Sumasang-ayon** | **HAS** |
| **1** – (1.00 – 1.49) | **Lubos na Hindi Sumasang-ayon** | **LHS** |

Ang mga nabanggit na pormula ay ang ginamit at nagsilbing batayan sa manwal na proseso at pagkalkula ng mga nakuhang datos, at ginamit din ang Statistical Package for the Social Sciences (SPSS) na naisagawa nang wasto ang lahat ng inperensiyal na pagsusuri.

**PAGLALAHAD, PAGSUSURI NG MGA DATOS**

Inilahad sa kabanatang ito ang mga natuklasan ng pag-aaral hinggil sa integratibong pagtatasa sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Baitang 9 sa asignaturang Filipino. Sa pamamagitan ng talatanungan, pakikipanayam, at pagsusuri, natukoy ang mga mabisang paraan sa pagpapaunlad ng mga makrong kasanayan sa Filipino.

Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

1. **Ano-ano ang mga umiiral na pamamaraan ng integratibong pagtatasa na ginagamit sa pagtuturo ng Filipino sa Baitang Siyam?**

**Talahanayan 1**

**Mga Umiiral na Pamamaraan ng Integratibong Pagtatasa**

| Integratibong gawain sa Pagtatasa | Mga Kasanayan | Mga Pamamaraan na nagpakita ng Integratibong Kasanayan | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| **Pagbuo ng Tula**<br>**Panonood at Pakikinig ng tulang nagpapahayag ng matinding damdamin at emosyon**<br>**Pagsuri ng imahe at simbolo** | Pagbasa<br>Pagsulat<br>Panonood<br>Pakikinig | Panonood, pagbabasa at pakikinig ng dalawang video clip (tula) mula sa youtube na nagpapahayag ng mga damdamin at emosyon<br>Pagsusuri ng imahe/simbolong nakapaloob sa binasang tula | **4.11** | **Sumasang-ayon** |
| **Integratibong gawain sa Pagtatasa** | **Mga Kasanayan** | **Mga Pamamaraan na nagpakita ng Integratibong Kasanayan** | **Mean** | **Interpretasyon** |
| **Pagsulat at Pagsuri ng Tula**<br><br>**Paglahad ng Tulang nabuo**<br>**Pagtukoy ng mga salitang magkasing-kahulugan** | Pagsulat<br>Pagsasalita<br>Pagbasa<br>Pakikinig | Pagsusulat at pagsasalita/ paglalahad ng sinuri at ginawang tula na may kaugnayan sa personal na karanasan<br>Pagpili ng mga salitang magkasing-kahulugan | **4.13** | **Sumasang-ayon** |
| **Pagtukoy sa prior knowledge**<br>**Pagsuri sa Tulang binasa** | Pagbasa<br>Pagsulat<br>Pagsasalita | Paggamit ng paunang pagtataya at pangwakas na pagtataya sa iba't ibang aspeto ng makrong | **4.00** | |

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com
*****************************************************************************************************

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Pagpili ng angkop na salita sa bawat katanungan**<br>**Pagsulat ng tula kaugnay sa natutuhang aralin at karanasan** | Pakikinig | kasanayan sa mga pagsusulit (multiple choice, matching type, pagsusuri)<br>Pagsulat ng Tula bilang pinal na awtput/gawain batay sa tinalakay na aralin | | **Sumasang-ayon** |
| **Kabuuan** | | | **4.08** | **Sumasang-ayon** |

***Legend*: 3.50 – 4.49 – Sumasang-ayon (SA)**

Batay sa resulta, lumabas na ang mga guro sa Filipino sa Baitang Siyam ay sumasang-ayon (Kabuuang Mean = 4.08) na gumamit sila ng mga umiiral na pamamaraan ng integratibong pagtatasa sa kanilang pagtuturo. Ipinakita ng datos na pinakakinilingan ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng mga proyektong kailangang magpakita ng aplikasyon ng iba't ibang kasanayan (M=4.13). Samantala, bagaman sumasang-ayon din, pinakamababa ang mean sa item na nagsasabing pinagsasama sa mga pagsusulit ang iba't ibang aspeto ng makrong kasanayan (M=4.00).

Batay sa talahanayan, hindi lamang tradisyunal na pagsusulit ang ginagamit ng mga guro kundi mga *authentic* at *performance-based* na pagtataya. Sa mga paksang "Ang Punongkahoy" at "Ang Guryon," pinagsama ng mga mag-aaral ang panonood, pakikinig, pagbasa, pagsusuri, at pagpapahayag ng damdamin, gamit ang *YouTube videos* bilang integrasyon ng teknolohiyang digital at kontekstuwal na pagkatuto para sa mas malalim na pag-unawa.

*****************************************************************************************************
Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************

Ipinahiwatig nito na higit na napansin ng mga mag-aaral ang paggamit ng *performance-based* at *authentic assessment* tulad ng proyekto, kumpara sa tradisyunal na pagsusulit na kadalasang nakatuon lamang sa pagsasaulo at pagsagot ng nakasulat na katanungan. Ang proyektong nakapaloob sa pagtuturo ay naging instrumento ng integrasyon ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood kaya't mas konkretong naipamalas ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan.

Samantala, sa paggawa ng Malayang Taludturan, malinaw ang aplikasyon ng integratibong pagtatasa. Dahil dito, nasukat hindi lang ang kaalaman kundi ang kakayahan sa malikhaing pagsulat, paggamit ng wika. Gayundin, ipinakita ng resulta na ang integratibong pagtatasa ay mas epektibo sa pagpapakita ng *learning outcomes* sapagkat hindi nito hinahati-hati ang kaalaman sa magkakahiwalay na bahagi, kundi tinitingnan ito bilang kabuuang proseso ng komunikasyon at pagkatuto. Ito ang nagpaliwanag kung bakit mas pinapahalagahan ng mga guro at mag-aaral ang mga proyektong integratibo kaysa sa pagsusulit.

Sa kabilang banda, bagaman pinagsasama sa mga pagtataya ang makrong kasanayan, nananatiling hamon ang ganap na integrasyon sa pasulat na pagsusulit o *written tests.* Tulad ng mga tradisyunal na pagsusulit ay may limitasyon sa pagsukat ng mga kasanayang komunikatibo; kaya't higit na binibigyang-halaga ng mga guro ang proyekto, presentasyon, at malikhaing gawain bilang tunay na pagsukat ng pag-unlad sa wika.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
*******************************************************************************************************

Samantala, ang mas mababang mean score (M=4.00) sa aspeto ng pagsusulit ay maaaring magpahiwatig na bagama't naisama ng mga guro ang iba't ibang makrong kasanayan, mahirap isakatuparan ang integratibong pagtatasa sa tradisyunal na pagsusulit. Maraming pagsusulit ang nakasentro pa rin sa pagbasa at pagsulat, at hindi gaanong nabigyan ng pantay na pagkakataon ang pagsasalita, pakikinig, at panonood.

2. **Paano nakatutulong ang integratibong pagtatasa sa paghubog ng kabuuang kasanayan ng mga mag-aaral ayon sa:**

**2.1 Pakikinig**;

**Talahanayan 2**

**Integratibong Pagtatasa sa Paghubog ng Kasanayan sa Pakikinig**

| Kasanayan | Paglalarawan/Pahayag | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Pakikinig | Napatunayang naunawaan ng mga mag-aaral ang aralin sa pamamagitan ng integratibong gawain, na makikita sa pagtaas ng kanilang marka sa pagsusulit kaugnay ng napakinggang talakayan | 4.03 | Sumasang-ayon |
| | Napatunayang natatandaan ng mga mag-aaral ang impormasyon mula sa mga napakinggang talakayan | 4.02 | Sumasang-ayon |
| | Nalinang ang kakayahan sa pakikinig sa pagsuri ng wastong bigkas ng mga | 3.96 | Sumasang-ayon |

*******************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*******************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

| | | | |
|---|---|---|---|
| | salita kaugnay ng mga gawaing pangkomunikasyon | | |
| KABUUAN | | 4.00 | Sumasang-ayon |

***Legend*: 3.50 – 4.49 – Sumasang-ayon (SA)**

Batay sa resulta, lumabas na ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon (Kabuuang Mean = 4.00) na nakatulong ang paggamit ng integratibong pagtatasa sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pakikinig. Matapos ang serye ng mga integratibong gawain, isinagawa ang *posttest* na nagsilbing batayan ng paghahambing ng pag-unlad ng kasanayan. Ang malinaw na pagtaas ng resulta sa posttest ay nagpapakita ng positibong epekto ng integratibong pagtatasa sa kasanayan sa pakikinig ng mga mag-aaral.

Samantala, pinakamababa ang mean sa pahayag na "Nalinang ang kakayahan sa pakikinig sa pagsuri ng wastong bigkas ng mga salita kaugnay ng mga gawaing pangkomunikasyon" (M=3.96). Bagaman nananatiling positibo ang resulta, ipinahihiwatig nito na hindi pa ganap na naisasakatuparan ang mga gawaing nakatuon sa pakikinig at interaktibong komunikasyon, tulad ng talakayan at iba pang gawaing pasalita

Natuklasan sa resultang ito na ang pakikinig ay isang aktibong proseso ng pag-unawa at hindi lamang pasibong pagtanggap ng impormasyon. Ang paggamit ng integratibong pagtatasa, gaya ng *role play*, talakayan, at proyekto, ay nakatulong upang maging mas makabuluhan ang pakikinig dahil ito ay naging bahagi ng komunikatibong sitwasyon. Ipinunto rin ni Wilmer et.al. (2025) na ang pakikinig ay mas epektibong nahahasa kapag ito ay

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VIII, Issue I**
**August 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

nakaugnay sa iba pang kasanayang pangwika, tulad ng pagsasalita at pagbasa, sapagkat mas lumalawak ang konteksto ng pagkatuto.

Dagdag pa rito, ipinakita na ang *integrated assessment tasks* ay nakatulong sa pag-alala o *memory recall* at komprehensiyon, dahilan upang mas maalala ng mga mag-aaral ang mga impormasyong napakinggan. Kaugnay nito, ang pakikinig ay hindi hiwalay na kasanayan kundi nakaugnay sa metacognitive strategies, gaya ng pag-uugnay ng mga narinig sa iba pang gawain.

Ipinakita ng resulta na nakita ng mga mag-aaral ang pakikinig bilang mahalagang bahagi ng integrasyon ng kasanayan sa pagtuturo ng Filipino. Sa halip na hiwalay na gawain, ito ay karaniwang nakapaloob sa mga talakayan, role-play, at proyekto na humihikayat ng aktibong partisipasyon. Ipinahiwatig nito na ang mga guro ay nagsasagawa ng authentic communication tasks na nagbigay ng pagkakataong malinang ang pakikinig sa kontekstong komunikatibo, hindi lamang sa tradisyunal na lektyur pormat. Gayunman, nananatili ang pangangailangang dagdagan ang mga aktibidad na nakatuon sa interactive listening inter-aktibong pakikinig upang higit na mapalalim ang partisipasyon ng mag-aaral.

**2.2 Pagsasalita;**

**Talahanayan 3**

**Integratibong Pagtatasa sa Paghubog**

**ng Kasanayan sa Pagsasalita**

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VIII, Issue I**
**August 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

| Kasanayan | Paglalarawan/Pahayag | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Pagsasalita | Nagkaroon ako ng tiwala sa sarili sa pagsasalita sa harap ng klase dahil sa integratibong Gawain | 4.14 | Sumasang-ayon |
| | Ang integratibong pagtatasa ay nakatulong sa pagiging mas malinaw at maayos kong magsalita. | 4.03 | Sumasang-ayon |
| | **Paglalarawan/Pahayag** | **Mean** | **Interpretasyon** |
| Pagsasalita | Naitatama ko ang aking mga pagkakamali sa pagsasalita sa tulong ng feedback ng guro sa integratibong pagtatasa | 4.10 | Sumasang-ayon |
| KABUUAN | | 4.09 | Sumasang-ayon |

***Legend*: 3.50 – 4.49 – Sumasang-ayon (SA)**

Batay sa nabuong datos, malinaw na sumasang-ayon ang mga mag-aaral (Kabuuang Mean = 4.09) na ang integratibong pagtatasa ay nakatulong sa kanilang pag-unlad sa kasanayan sa pagsasalita. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nagkaroon ako ng tiwala sa sarili sa pagsasalita sa harap ng klase dahil sa integratibong gawain" (M=4.14). Ipinahiwatig nito na ang paggamit ng mga integratibong gawain tulad ng oral presentation, talakayan, at dula-dulaan o role-play, ay nakapagpatibay sa sariling kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pampublikong pagsasalita.

Samantala, mataas din ang resulta sa pahayag na "Naitatama ko ang aking mga pagkakamali sa pagsasalita sa tulong ng *feedback* sa integratibong pagtatasa" (M=4.10).

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VIII, Issue I**
**August 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Nangangahulugan ito na ang pormatib at integratib pidbak mula sa guro ay mahalagang mekanismo sa pagpapabuti ng spoken communication skills. Ayon sa Teacher-Initiated Action-Integrative speaking activities ni Grabe at Stoller (2020) ang mga gawaing may kinalaman sa pagsasalita ay nakakatulong sa pagpapaunlad ng *speaking skills o fluency* sa pagsasalita. Ang malinaw at tiyak na pidbak naman ay nagbibigay ng direksyon sa mag-aaral kung paano nila maisasaayos ang kanilang pagsasalita at perpormans.

Bahagyang mababa ngunit positibo pa rin ang mean sa pahayag na "Ang integratibong pagtatasa ay nakatulong sa pagiging mas malinaw at maayos kong magsalita" (M=4.03). Maaaring magpahiwatig ito na bagama't nakatulong ang integratibong pagtatasa sa paglinang ng organisadong pagsasalita, nananatiling hamon ang pagkakaroon ng tuloy-tuloy at mahusay na pagsasalita, lalo na kung may limitadong exposure sa *authentic speaking contexts.*

Ang mga natuklasang ito ay nagpatunay na ang komunikatibong dulog o communicative approach at integratibong gawain o integrative tasks ay nakatulong hindi lamang sa gramatikal na kaalaman kundi lalo na sa *fluency* at *confidence* ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ang pagsanib ng iba't ibang kasanayan (pakikinig, pagbasa, at pagsulat) sa gawain ay lumilikha ng mas tunay na sitwasyong komunikatibo, kaya't mas natural na nalinang ang kasanayan sa pagsasalita.

Ipinakita ng resulta na nakikita ng mga mag-aaral ang pagsasalita bilang sentrong kasanayan sa mga integratibong gawain tulad ng oral presentation, talakayan, at dramatikong aktibidad. Ang mga gawain ay hindi lamang pagsubok ng fluency, kundi praktis ng

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

komunikasyon sa konteksto ng proyekto o kolaborasyon. Ang pidbak ng guro ay nakitang kritikal na bahagi ng proseso ng integrasyon. Ipinahiwatig nito na ang integratibong pagtatasa ay nakaugat sa komunikatibong dulog, kung saan ang pagsasalita ay isinasanib sa iba pang makrong kasanayan.

**2.3 Pagbasa;**

**Talahanayan 4**

**Integratibong Pagtatasa sa Paghubog ng Kasanayan sa Pagbasa**

| Kasanayan | Paglalarawan/Pahayag | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Pagbasa | Mas nauunawaan ko ang binabasa kapag ito ay bahagi ng mas malawak na integratibong gawain (tulad ng proyekto). | 4.09 | Sumasang-ayon |
| | Madali kong mahanap ang mahalagang ideya ng binabasa sa tulong ng integratibong aktibidad | 4.12 | Sumasang-ayon |
| | Nahahasa ang aking kasanayan sa pagbasa sa mga integratibong gawaing may koneksiyon sa pagsulat o diskusyon. | 4.21 | Sumasang-ayon |
| KABUUAN | | 4.14 | Sumasang-ayon |

***Legend*: 3.50 – 4.49 – Sumasang-ayon (SA)**

Batay sa resulta, malinaw na ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon (Kabuuang Mean = 4.14) na ang integratibong pagtatasa ay nakatulong sa kanilang pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nahahasa ang aking kasanayan sa

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

pagbasa sa mga integratibong gawaing may koneksiyon sa pagsulat o diskusyon" (M=4.21), na may verbal interpretation na Lubos na Sumasang-ayon. Ipinakita nito na ang interdisiplinaryo at integratibong gawain kung saan ang pagbasa ay kaugnay ng pagsulat at oral discussion ay mas nakapagpalalim ng kanilang pag-unawa at kritikal na pagbasa.

Sumunod na mataas ang mean sa pahayag na "Madali kong mahanap ang mahalagang ideya ng binabasa sa tulong ng integratibong aktibidad" (M=4.12). Nangangahulugan ito na ang mga gawain sa integratibong pagtatasa, gaya ng summarizing o pagbuod, pangkatang gawain at reaksiyon/repleksiyong papel, ay nakatulong sa mga mag-aaral na tukuyin ang sentral na ideya at hindi lamang manatili sa literal na antas ng pag-unawa. Samantala, nanatili ring mataas ang mean sa pahayag na "Mas nauunawaan ko ang binabasa kapag ito ay bahagi ng mas malawak na integratibong gawain (tulad ng proyekto)" (M=4.09). Dito, makikitang ang pagbasa na may kontekstwal na aplikasyon halimbawa'y proyekto, *portfolio, o performance task* ay mas naging makabuluhan kaysa sa simpleng pagsagot ng tanong mula sa teksto.

Ang mga natuklasang ito ay sinuportahan ng literatura. Ayon sa pag-aaral ni Sanggawa at Santiago et. al., (2024) ang pagbasa ay isang *psycholinguistic guessing game* na nangangailangan ng pag-uugnay ng naunang kaalaman at bagong impormasyon; kaya't mas naging epektibo ito kapag bahagi ng mas malawak na gawain. Binanggit din nina Grabe at Stoller (2020) sa kanilang *Teacher-Initiated Action, Overview of Reading Theory* na ang *integrative reading activities*, tulad ng pag-uugnay ng pagbasa sa *writing at speaking tasks*, ay nakapagpalakas ng *critical literacy skills*. Samantala, ang pagkatuto ay mas naging malalim

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

kapag ito ay may kaugnayan sa pakikisalamuha sa lipunan o interaksiyon, kaya't ang mga pagbasa na sinundan ng talakayan o kolaboratibong gawain ay mas nakapagpahusay ng komprehensiyon.

Nakita na malinaw sa mga mag-aaral ang integrasyon ng pagbasa sa iba pang kasanayan, lalo na sa pagsulat at pagsasalita. Ang mga tekstong pampanitikan o impormasyon ay hindi lamang binabasa, kundi pinoproseso sa pamamagitan ng pagtalakay, pagsulat ng reaksyon, o pagbuo ng proyekto. Ipinapakita nito ang aplikasyon ng kritikal at interpretatibong pagbasa sa loob ng kontekstwal at kolaboratibong pagkatuto. Ang pagbasa ay naging basehan ng mga interdisiplinaryong gawain, kaya't nakita ng mga mag-aaral ang ugnayan ng wika, nilalaman, at aplikasyon sa tunay na sitwasyon.

**2.4 Pagsulat;**

**Talahanayan 5**

**Integratibong Pagtatasa sa Paghubog ng Kasanayan sa Pagsulat**

| Kasanayan | Paglalarawan/Pahayag | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Pagsulat | Nakatutulong ang integratibong pagtatasa upang mas malinang at makabuo ng malikhaing ideya at organisasyon sa pagsulat. | 4.16 | Sumasang-ayon |
| | Napapabuti ko ang aking gramatika at baybay dahil sa pagsusulat bilang bahagi ng integratibong gawain. | 4.02 | Sumasang-ayon |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

| | | | |
|---|---|---|---|
| | **Paglalarawan/Pahayag** | **Mean** | **Interpretasyon** |
| Pagsulat | Nagiging mas malinaw at makabuluhan ang aking pagsulat kapag ito ay bahagi ng mas malawak na integratibong aktibidad | 4.06 | Sumasang-ayon |
| KABUUAN | | 4.08 | Sumasang-ayon |

***Legend*: 3.50 – 4.49 – Sumasang-ayon (SA)**

Batay sa nakuhang datos, malinaw na ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon (Kabuuang Mean = 4.08) na ang integratibong pagtatasa ay nakatulong sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Nakatutulong ang integratibong pagtatasa upang malinang at makabuo ng malikhaing ideya at organisasyon sa pagsulat" (M=4.16), na nagpapakita na ang pagsanib ng mga gawain tulad ng pagbasa, panonood, at talakayan ay nagbigay ng sapat na pundasyon para sa mas malinaw at organisadong pagsulat.

Bahagyang mas mababa ngunit nanatiling mataas ang mean sa pahayag na "Nagiging mas malinaw at makabuluhan ang aking pagsulat kapag ito ay bahagi ng mas malawak na integratibong aktibidad" (M=4.06). Ipinahiwatig nito na mas nakita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng kanilang sulatin kapag ito ay may kontekstwal na aplikasyon. Halimbawa, pagsusulat bilang bahagi ng proyekto, talakayan, o *research output.* Sa kabilang banda, pinakamababa ang mean sa pahayag na "Napapabuti ko ang aking gramatika at baybay dahil sa pagsusulat bilang bahagi ng integratibong gawain" (M=4.02). Maaaring magpahiwatig ito

**********************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
**********************************************************************************************

na bagama't nakatulong ang integratibong pagtatasa, nananatili pa ring hamon ang teknikal na aspeto ng pagsulat gaya ng gramar, ispeling at wastong gamit ng wika.

Ang proseso ng pagsulat ay hindi lamang teknikal kundi isang kognitibong proseso na nangangailangan ng organisasyon ng ideya, pagbuo ng nilalaman, at rebisyon. Mas naging makabuluhan ang pagsulat kapag ito ay nakaugnay sa iba pang kasanayang pangwika, sapagkat mas lumalim ang konteksto at layunin. Samantala, ang pidbak at mga integratibong gawain ay nakatulong sa pagpapabuti ng kalidad ng pagsulat, ngunit ang masusing pagtutok sa grammar at mekaniks ay nangangailangan pa rin ng hiwalay at detalyadong atensyon mula sa guro.

Sa kabuuan, ipinakita ng resulta na ang integratibong pagtatasa ay epektibong nakapagpaunlad ng kasanayan sa pagsulat, partikular sa larangan ng ideya, organisasyon, at makabuluhang pagpapahayag. Gayunpaman, mahalaga ring bigyang-pansin ang aspeto ng gramatika at baybay, na nangangailangan ng dagdag na suporta upang maging mas komprehensibo ang paglinang ng kasanayang ito.

Ipinakita ng mga tugon na ang mga mag-aaral ay may positibong pananaw sa integrasyon ng pagsulat bilang culminating activity ng mga integratibong gawain. Karaniwang ginamit ang pagsulat upang ipahayag ang kaisipan matapos ang pagbasa, panonood, o diskusyon. Sa ganitong paraan, naging sintesis ng iba't ibang kasanayan ang pagsulat, at hindi lamang teknikal na proseso. Gayunman, binanggit din ng mga mag-aaral na nanatili ang

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

pangangailangan ng gabay sa gramar, organisasyon, at estilo — mga aspeto na dapat tutukan sa susunod na hakbang ng pagtuturo.

**2.5 Panonood**

**Talahanayan 6**

**Integratibong Pagtatasa sa Paghubog ng Kasanayan sa Panonood**

| Kasanayan | Paglalarawan/Pahayag | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Panonood | Mas nauunawaan ko ang aralin kapag may kasamang video o biswal na materyales. | 4.01 | Sumasang-ayon |
| | Nakakatulong ang panonood ng mga video clips upang mas mapalawak ang aking bokabularyo at mas maging wasto sa paggamit ng wika. | 4.04 | Sumasang-ayon |
| | Mas nagiging interesado ako sa paksa kapag ito ay inihaharap sa pamamagitan ng video o pelikula. | 4.08 | Sumasang-ayon |
| KABUUAN | | 4.04 | Sumasang-ayon |

***Legend*: 3.50 – 4.49 – Sumasang-ayon (SA)**

Batay sa resulta, malinaw na ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon (Kabuuang Mean = 4.04) na ang integratibong pagtatasa ay nakatulong sa kanilang kasanayan sa panonood at sa mas malalim na pag-unawa sa aralin. Pinakamataas ang mean sa pahayag na "Mas nagiging interesado ako sa paksa kapag ito ay inihaharap sa pamamagitan ng video o pelikula"

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

(M=4.08), na nagpakita na ang paggamit ng mga biswal na materyales ay nakapukaw ng atensyon at nakapagpataas ng motibasyon ng mag-aaral.

Sumunod dito ang pahayag na "Nakakatulong ang panonood ng mga video clips upang mas mapalawak ang aking bokabularyo at mas maging wasto sa paggamit ng wika" (M=4.04). Ipinahiwatig nito na ang panonood ng mga materyal na may kinalaman sa aralin tulad ng pelikula, dokumentaryo, o edukasyonal na bidyo ay nakapagbigay ng mas malawak na paglantad ng kaalaman sa wika at konteksto, kaya't mas lumawak ang kaalaman ng mga mag-aaral. Samantala, nanatiling mataas din ang mean sa pahayag na "Mas nauunawaan ko ang aralin kapag may kasamang video o biswal na materyales" (M=4.01), na nagpakita na ang *visual support* ay nakatulong sa komprehensiyon at retensiyon ng impormasyon.

Ang mga natuklasang ito ay sinuportahan ng literatura. Ayon kay Mayer (2024) sa kanyang *Cognitive Theory of Multimedia Learning*, mas nagiging makabuluhan ang pagkatuto kapag pinagsama ang verbal at visual na impormasyon dahil mas napoproseso ito ng utak. Sa ganito ring obserbasyon ang paggamit ng bidyo sa pagtuturo ng wika ay nakapagpataas ng motibasyon, nakapagpayaman ng bokabularyo, at nakatutulong sa pag-unawa sa konteksto ng komunikasyon. Dagdag pa rito, ang *Dual Coding Theory* na ang biswal at berbal na presentasyon ng impormasyon ay mas nakapagpatatag ng pagkatuto at *memory recall* o pag-alala.

Sa kabuuan, malinaw mula sa resulta na ang panonood bilang bahagi ng integratibong pagtatasa ay epektibong nakatulong sa pagpapalalim ng pagkatuto. Naging mas kawili-wili at

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

nakapukaw ng interes ang aralin, napalawak ang bokabularyo, at mas madaling naunawaan ng mga mag-aaral ang nilalaman ng aralin kapag sinuportahan ito ng mga bidyo at biswal na materyales.

3. **Ano-ano ang mga pangunahing hamon na kinaharap ng mga mag-aaral at mga guro sa paggamit ng integratibong pagtatasa?**

**Talahanayan 7**

**Mga Hamon sa Pagsasakatuparan ng Integratibong Pagtatasa sa mga Mag-aaral**

| Mga Kasanayan | Tema | Pinagmulan | Mga Code | Halimbawa ng Pahayag | Buod ng Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagsulat at Pagbasa | Kakulangan sa Kasanayan sa Pagsusulat | Mag-aaral 1 | Hirap sa pagsisimula, kakulangan sa grammar | "Hirap ako sa pagsulat ng sanaysay dahil di ko alam paano sisimulan." | Ipinapakita ang kakulangan sa kasanayan sa wika bilang hadlang sa pagsasagawa ng integratibong gawain. |
| Pagbasa at Pakikinig | Kahinaan sa Pakikinig at Pag-unawa | Mag-aaral 2 | Kalituhan sa instruction, hirap sa rubrics | "Nahihirapan akong intindihin ang rubrics." | Ang kakulangan sa pag-unawa sa tagubilin at rubrics ay nagiging sanhi ng kahirapan sa pagganap. |

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagsasalita | Kakulangan sa Kumpiyansa | Mag-aaral 3 | Takot magsalita, kaba sa presentasyon | "Kinakabahan ako kapag nasa harap ng klase." | Ang kawalan ng tiwala sa sarili ay hadlang sa aktibong partisipasyon sa integratibong pagtatasa. |
| **Mga Kasanayan** | **Tema** | **Pinagmulan** | **Mga Code** | **Halimbawa ng Pahayag** | **Buod ng Interpretasyon** |
| Pagsusulat, Pagbasa, Panonood | Hamon sa Time Management | Mag-aaral 4 | Academic overload, sabay-sabay na proyekto | "Sobrang dami ng project sa iba't ibang subject." | Ipinapakita ang pangangailangang mapaunlad ang kasanayan sa pamamahala ng oras sa harap ng maraming gawain. |
| Pagsasalita at Pakikinig | Kooperasyon sa Grupo | Mag-aaral 5 | Walang kooperasyon, hindi pantay na trabaho | "Minsan may hindi gumagawa sa grupo." | Ang kakulangan sa kolaborasyon ay humahadlang sa matagumpay na implementasyon ng integratibong proyekto. |

**Kakulangan sa Kasanayan sa Pagsusulat**

Isa sa mga pinakamadalas na hamon ng mga mag-aaral ay ang kahirapan sa pagsulat ng sanaysay at iba pang gawaing nangangailangan ng malalim na pagbuo ng ideya. Ayon sa isang mag-aaral, "Hirap ako sa pagsulat ng sanaysay dahil di ko alam paano ito sisimulan."

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Ipinakita nito na kulang pa sa kasanayan sa gramatika at organisasyon ng ideya ang mga mag-aaral. Ang ganitong suliranin ay nagpahiwatig ng pangangailangang palawakin ang kasanayang lingguwistiko upang magampanan nang mahusay ang mga gawain sa integratibong pagtatasa.

**Kahinaan sa Pakikinig at Pag-unawa**

Lumitaw din ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga tagubilin at rubriks. Maraming nabanggit na mabilis silang mawala sa pokus at hindi agad nauunawaan ang pamantayan ng pagtatasa. Ipinakita nito ang kakulangan sa comprehension strategies at ang pangangailangan ng mas malinaw na direksiyon mula sa guro.

**Kakulangan sa Kumpiyansa**

Isa ring temang umusbong ang takot at kaba sa pagsasalita o pagharap sa klase. Ang emosyonal na hadlang na ito ay nagdudulot ng pag-aatubili sa mga mag-aaral na makilahok sa mga oral o dramatikong gawain. Ipinahiwatig nito na mahalaga ang pagsasanay at suporta ng guro sa pagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral.

**Hamon sa *Time Management***

Ayon sa mga mag-aaral, mahirap pagsabayin ang maraming proyekto sa iba't ibang asignatura. Ipinahiwatig nito na ang integratibong pagtatasa ay maaaring magdulot ng pressure kung hindi mababalanse ang oras at dami ng gawain. Kaya't kailangang isaalang-alang ng guro ang pacing o paghahanda ng gawain at workload sa pagpaplano ng mga aktibidad.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**Kooperasyon sa Grupo**

Ipinakita ng ilang mag-aaral na may mga kasong hindi pantay ang ambag sa grupo, dahilan upang mabigatan ang iba. Ipinakita nito na ang kakulangan sa kolaborasyon ay isa ring hadlang sa tagumpay ng integratibong pagtatasa. Mahalaga ang pagtataguyod ng teamwork at malinaw na hatian ng gawain

**Talahanayan 8**

**Mga Hamon sa Pagsasakatuparan ng Integratibong Pagtatasa sa mga Guro**

| Mga Kasanayan | Tema | Pinagmulan | Mga Code | Halimbawa ng Pahayag | Buod ng Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagbasa, Pakikinig, Panonood | Suporta at Gabay ng Guro | Guro 1 | Pagbibigay ng halimbawa, teknikal na tulong | "Ang pagbibigay ng teacher ng sample ay malaking tulong." | Ipinapakita ang pangangailangang magbigay ng malinaw na gabay upang maging epektibo ang integratibong gawain. |
| Pagsasalita, Pakikinig, Pagbasa | Pagpili ng Gawain Batay sa Kakayahan | Guro 2 | Pag-aangkop sa antas ng mag-aaral | "Isinasaalang-alang ko ang antas ng kakayahan ng mag-aaral." | Ang guro ay nahaharap sa hamon ng pagdidisenyo ng gawain na angkop sa magkakaibang kakayahan ng mag-aaral. |

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
